# PAGGABAY SA MGA BATA: TULONG SA MABILIS NA PAGKATUTO

*by:*
**Jennilyn D. Alfonso**
*Teacher II, Kataasan Elementary School*

Hindi maikakaila ang kahalagahan ng pag-aaral sapagkat dito nakasalalay ang kinabukasan ng mga bata. Sa paaralan, mga guro ang siyang nagsisilbing tagapagdaloy ng kaalaman upang sila ay mapatuto. Subalit, may mga batang nangangailangan ng suporta sa tahanan upang matugunan ang kanilang pangangailangan. Sa katotohanan, may mga paraan para sa kanilang ikatututo.

Maraming paraan upang tumaas ang kanilang kasanayan sa bawat aralin. Una na rito ang magabayan ng mga magulang ang kanilang mga anak pag-uwi galing sa paaralan. Mabilis na matatandaan ng isang bata ang kanyang pinag-aralan kung siya rin ay magkakaroon ng karagdagang kasanayan sa kanilang tahanan. Isang mabisang paraan kung kaagapay ng guro ang mga magulang ng bata sa pagkatuto ng mga aralin at bigyang halaga ang pagkatuto sa pagbasa, pagsulat at pagbilang. Mabilis ding matatandaan ng bata ang makilala ang mga letra, tunog ng letra hanggang sa makabasa sila ng pantig, parirala, pangungusap at sanaysay.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ayon sa United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO), ang mga magulang (o tagapag-alaga) ang unang tagapagturo ng kanilang mga anak. Ang suporta na ibinibigay nila ay nakakaapekto sa pag unlad, pag aaral, at kasunod na mga kinalabasan ng edukasyon ng mga bata. Kabilang dito ang direktang suporta sa pag aaral bago at sa panahon ng pormal na edukasyon, pati na rin ang di tuwirang pagpapadali ng mga kadahilanan tulad ng nutrisyon, kalusugan, at kalinisan.

Magiging madali rin na sa kanya ang makabasa, makasulat at bumilang . Ngunit paano nga ba kung ang mga magulang ng mga bata ay parehong walang oras para turuan sila? Magiging mabisa pa kaya ang pagkatuto? Oo matututo sila ngunit may katagalan kumpara sa mga batang natututukan ng magulang sa tahanan.

Sa katotohanan, may mga magulang ngayon ay ipinasa na ang lahat ng responsibilidad sa mga guro. Mahirap kausapin ang mga magulang na walang pakialam kung natututo ba o hindi ang kanilang mga anak. Isang susi ang komunikasyon ng guro sa mga magulang para matukoy kung may problema ang bata sa paaralan at kung may kailangan aralin sa tahanan. Kinakailangan na masubaybayan nila ang bawat level ng pag- aaralan nito. Magandang ipaliwanag ng maayos sa mga magulang ang kahalagahan ng pagkatuto ng bata upang hindi sila mahuli sa kanilang mga aralin at makasunod sa bawat ituturo ng guro na bumasa, sumulat at bumilang. Makakatulong ng malaki sa bata ang paggabay ng kanilang magulang o tagapag-alaga upang sila ay makatapos ng pag-aaral at makamit nila ang minimithing pangarap.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Parental support to learning | Unesco IIEP Learning Portal
https://learningportal.iiep.unesco.org/en/issue-briefs/improve-learning/parental-support-to-learning